# Modyul 7
# Pagsusuri ng Tula Batay sa Teoryang Imahismo



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Dalawa na namang kawili-wiling aralin ang iyong matututunan sa araw na ito at natitiyak kong magiging interesado kang maisagawa ang mga pagsasanay at gawaing inihanda ko para sa iyo.

Naranasan mo bang magpalipad ng saranggola o dili kaya'y guryon? Naging madali ba ang pagpapalipad mo? Ito ba'y iyong pinaghandaang mabuti? Tinulungan ka ba ng iyong ama para ito'y lumipad nang mataas. Sa mga tanong na ito, marahil ang isasagot mo ay oo. Alam mo bang ang pagpapalipad ng guryon ay tulad din ng pagbalanse sa ating buhay. Ang buhay ayon sa maraming palaisip ay patuloy na pakikipagsapalaran sa daigdig na ito. Sa pagsilang pa lamang natin ay marami ng pagsubok ang nakaabang sa atin kaya kailangan na natin itong paghandaan. Kailangang maging matatag tayo at maging matapang sa pagharap dito. Ganyan ang buhay subalit huwag mong kalilimutan na ang lahat ng kaganapan ay kaloob ng Poong Maykapal.

Ito ang pinakadiwa ng tulang babasahin mo, "Ang Guryon" na isinulat ng isang batikang manunulat sa larangan ng Panulaang Tagalog.

Sa tulang ito inilarawan din ng may-akda ang magandang relasyon ng ama sa anak. Ang mabuting pakikitungo at maayos na pagpapalaki ng magulang sa anak ay magbubunga nang maunlad na pamumuhay. Dapat mong tandaan, na walang hinangad na masama ang magulang sa kanyang anak. Ang pangangaral sa anak ay tanda lamang ng pagmamahal ng isang magulang.

Maraming kabataan na tulad mo ang sa ngayo'y naliligaw ng landas. Nababarkada! Nalululong sa ipinagbabawal na gamot! Nakapag-aasawa nang maaga! Sino ang sinisisi? Ang magulang! Alam mo, hindi dapat bagsakan ng sisi ang mga magulang manapa'y ang mga kabataang patuloy na tinutuklas ang hiwaga ng buhay. Alam kong hindi ka kabilang sa mga ganitong uri ng kabataan. Hindi ba ?

Sa pagkakataong ito, nais ko namang itanong sa iyo kung ikaw ay nakapamasyal na sa tabi ng dagat? Ano ang iyong nadama? Huwag kang magagalit ha --- nais ko ring itanong sa iyo kung may kasama ka habang namamasyal. Napakaromantiko ng kapaligiran lalo't may kasamang minamahal habang namamasyal, di ba? Kung wala man, alam kong nakadama ka ng kaligayahan habang pinagmamasdan mo ang paglubog ng araw at kung sa umaga nama'y nanunuot sa iyong kalamnan ang malamig na simoy ng hangin habang ikaw ay nagtatampisaw sa tubig. Dapat mong tandaan na ang tubig ay buhay. Ang patuloy na pagdaloy nito sa anumang uri ng daluyan ay makapagpapaginhawa ng ating pakiramdam.

Ganito sana ang maging larawan ng ating mga karagatan. Malinis. Hindi nilalapastangan ng mga taong walang pakundangang magtapon ng kanilang mga basura sa dagat. Naramdaman mo ba na kapag nasa tabi ka ng dagat ay parang kaylapit mo sa Inang Kalikasan? Pahalagahan natin ang Inang Kalikasan dahil marami na rin tayong nasaksihan nang siya'y magalit! Sa malinis na karagatan, kayraming mga dayuhan ang magaganyak na bisitahin ang ating bayan. Nagdadala ito ng dolyar at nakatutulong ito sa pag-angat ng ating turismo.

Sa ikalawang tulang babasahin mo, madarama mo ang kapayapaan sa iyong sarili. Para bang kaysarap mabuhay sa piling ng kalikasan. Sige, sa iyong pagbabasa, damahin mo ang kapangyarihan nito at bumuo ka ng mga imahe matapos mong basahin ang "Sa Tabi ng Dagat" na isinulat ni Idelfonso Santos.

Ang mga nabanggit ko ay may malaking kaugnayan sa dalawang araling inihanda ko para sa iyo.


Sinisiguro kong maiibigan mo

Handa ka na ba?




## *Ano ang matututunan mo?*

Nailalapat ang iba't ibang pananaw alinsunod sa tiyak na teoryang pampanitikan



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Ang modyul na ito ay magsisilbing pansariling gabay mo tungo sa iyong pagkatuto. Gagamitin mo ito bilang patnubay sa tulong ng mga tuntunin na nakalahad dito upang maging maayos at makabuluhan ang iyong paggamit. Kailangang unawain mong mabuti at maging malinaw sa iyo ang mga gawain.

Narito ang mga bagay na dapat mong isaalang-alang sa paggamit ng modyul na ito.

1. Sagutin mo ang Panimulang Pagsusulit o ang bahaging Ano Na Ba ang Alam Mo?

2. Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

3. Isagawa mo ang panimulang gawain o ang bahaging Alamin Mo…May malaki itong kaugnayan sa babasahin mong akda.

4. Basahin at pag-aralan mong mabuti ang nilalaman ng dalawang tula.

5. Isagawa mo ang kaugnay na mga gawain sa bahaging Mga Gawain sa Pagkatuto. Nakalahad dito kung paano mo ito isasagawa. Iniangkop ito sa mga kasanayang dapat mong matutunan.

6. Ang mga bahaging Palalimin mo… Gamitin mo… at Lagumin mo… ay magpapatunay kung naragdagan ang iyong kaalaman. Isagawa mo ito nang maayos.

7. Sagutin mo ang bahaging Subukin mo… at Gaano Ka Na Kahusay? Kunin mo ang susi sa pagwawasto sa iyong guro. Maging matapat ka sana sa pagwawasto.

8. Tulad ng nasabi ko sa iba pang modyul, ang modyul na ito ay kaibigan mo kung kaya't ingatan mo ito at gamitin nang wasto. Sagutin mong mabuti. Huwag mo itong susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na papel o notbuk sa iyong pagsagot.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Ang pagsusulit na ito ay naglalayon lamang na masukat ang dati mo nang kaalaman tungkol sa paksang tatalakayin. Huwag kang matakot o mag-alala sa nakuha mong marka.

Handa ka na ba?

Simulan mo na.

Piliin mo ang titik ng pinakatamang sagot.

1. Ibigay mo ang panibagong kaisipang maaari mong mahango sa sumusunod na taludtod.

> Ang buhay ay guryon: marupok, malikot
> Dagiti't dumagit, saanman sumuot…

   a. Ang buhay ay parang gulong, kung minsan sa ibabaw, minsan sa ilalim.
   b. Tao ang gumagawa ng kanyang kapalaran.
   c. Mahiwaga ang buhay ng tao.
   d. May kani-kaniyang kapalaran ang tao.

Basahin at unawain mong mabuti ang nilalaman ng sumusunod na saknong. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa ibaba.

> Manunulay Kata
> Habang maaga pa, sa isang pilapil
> Na nalalatagan
> Ng damong may luha ng mga bituin;
> Patiyad na tayo
> Maghahabulang simbilis ng hangin,
> Ngunit walang ingay,
> Hanggang sa sumapit sa tiping buhangin.

2. Ang mga taludtod bilang 1, 3, 5, 7 ay binubuo ng ______ na pantig
   a. 4 b. 6
   c. 8 d. 12

3. Samantalang ang mga taludtod bilang 2, 4, 6, 8 ay binubuo naman ng ______ pantig

a. 4	b. 6
c. 8	d. 12

4.

> Mahiwaga ang buhay ng tao
> Ang bukas ay di natin piho

Ang kaisipang nangingibabaw sa mga taludtod ay :

a. Ang buhay ng tao ay balot ng kahiwagaan
b. Sa guhit ng palad makikita ang ating kinabukasan
c. Ang lahat ng kaganapan sa ating buhay ay kaloob ng Diyos
d. May kani-kaniyang panahon ang buhay

Balikan mo ang saknong sa bilang 2 at 3. Muli mo itong basahin. Pagkatapos, sagutin mo ang mga tanong sa ibaba.

5. Ano ang larawang-diwang nabuo mo sa taludtod 3 at 4?

a. umuulan nang nagdaang gabi
b. may hamog ang mga damo
c. magbubukang-liwayway na
e. basa ang damuhan

6. Sa kabuuan ng saknong, ano naman ang larawang-diwang iyong mabubuo?

a. Magkasintahang dinarama ang lamig ng umaga.
b. Magsing-irog na masayang naghahabulan.
c. Magkasintahang namamasyal sa tabi ng dagat.
d. Magkasintahang punung-puno ng kaligayahan.

7. Basahin at unawain mo ang sumusunod na saknong pagkatapos tukuyin mo ang imaheng nabuo sa iyong isipan.

> Tanggapin mo anak, itong munting guryon
> Na yari sa patpat at papel de Hapon
> Magandang laruang pula, puti, asul
> Na may pangalan mo sa gitna naroon.

a. Buhay na marupok
b. Dangal ng buhay
c. Buhay na panung-puno ng kulay

d. Magulang na nangangaral

8. Muli mong basahin ang saknong sa bilang 2 at 3. Piliin mo ang mga salitang ginagamit ng may-akda para maipakita ang bisa ng kasiningan ng akda sa pagkakagamit ng kalikasan at kapaligiran.

   a. isang pilapil
   b. damong may luha
   c. tiping buhangin
   d. lahat ng nasa itaas

9. Ang pagsunod sa payo ng magulang ay tanda ng anak na _____.
   a. marunong
   b. magalang
   c. matapang
   d. mapagmahal

10. Maipakikita natin ang pagmamahal sa kalikasan sa pamamagitan ng _____.
    a. pakikipagtulungan sa pamahalaan
    b. wastong pangangalaga
    c. pagsumbong sa kinauukulan ng mga taong pumuputol ng mga puno
    d. lahat ng nasa itaas

• Nahirapan ka sa pagsagot? Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto at iwasto mo ang iyong papel. Kung mababa man ang iyong iskor, huwag kang mag-alala. Panimula pa lamang ito. Marami akong inihandang gawain kaugnay ng araling ito para sa iyong lubusang pagkatuto.

# V. Aralin 1 – Ang Guryon

## A. Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang iyong matatamo ang sumusunod na mga kasanayan

1. Nagagamit ang matatalinghagang salita/pahayag sa paglalahad ng panibagong kaisipan.

2. Nahahango at naipaliliwanag ang pangunahin at mga pantulong na kaisipang nakapaloob sa akdang binasa.

3. Nasusuri ang tula batay sa teoryang imahismo

4. Natutukoy ang bisang pandadamin at pangkaisipan ng tula


5. Nakasusulat ng kapaksa ring tula


## Mga Gawain sa Pagkatuto

- Iba't ibang gawain ang inihanda ko para sa iyong lubusang pagkatuto. Bilang panimula, isagawa mo muna ang sumusunod na gawain.

**1. Alamin mo…**


- Ibigay mo ang kaugnayan ng mga bagay na nasa larawan sa buhay ng tao. Piliin ang titik ng tamang sagot sa loob ng kahon sa ibaba.









Kandila




| | |
|---|---|
| a. paninindigan | d. kamatayan |
| b. kahihiyan | e. pagsunod sa takbo ng buhay |
| c. pagbalanse sa mga bagay | f. pagsilang |

- Maraming kasabihan/salawikain ang maaaring iugnay sa salitang buhay tulad ng habi sa ibaba. Piliin mo ang titik ng maaaring maging kahulugan sa loob ng kahon sa ibaba.

Buhay

1. Ang buhay ay parang gulong
Minsan sa ibabaw, minsan sa ilalim.

2. Mahiwaga ang buhay ng tao
Ang bukas ay di natin piho.

3. Kung ano ang taas ng paglipad
Siyang lagapak kung bumagsak.

4. Ang buhay ay parang tanghalan
Lahat tayo ay may papel na ginagampanan.

a. Isaisip ang pagpapakumbaba nang hindi masawi sa bandang huli.
b. Bawat tao ay may kaakibat na tungkuling dapat isakatuparan.
c. Hindi natin alam ang ating kapalaran, Diyos lamang ang nakakaalam.
d. May kani-kaiyang guhit ng palad ang tao
e. Lahat ng tao'y sa alabok din uuwi.

- Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

- Nabuksan ba ang iyong isipan ukol sa kahalagahan ng buhay ng tao sa katatapos na gawain? Ang lahat ng ito'y may kaugnayan sa akdang iyong pag-aaralan.

- Naibigan mo ba ang panimulang gawain? Simula pa lang iyan. Marami pa akong inihanda para sa iyo.

**2. Basahin mo…**

Upang lubusan mong maunawaan ang araling iyong pag-aaralan, mahalagang mabasa mo at maunawaan ang nilalaman ng akda.

Nakahanda ka na ba?

Simulan mo na!

**Ang Guryon**

Tanggapin mo anak, itong munting guryon,
Na yari sa patpat at papel de Hapon
Magandang laruang pula, puti, asul
Na may pangalan mong sa gitna naroroon.

Ang hiling ko lamang bago paliparin,
Ang guryon mong ito ay pakatimbangin;
Ang solo't paulo'y sukating magaling
Nang hindi mag-ikit o kaya'y magkiling.

Saka, pag humihip ang hangin, malakas
At sa papawiri'y bayaang lumipad;
Datapwat ang pisi'y tibayan mo, anak
At baka lagutin ng hanging malakas.

Ibigin ma't hindi, balang-araw; ikaw
Ay mapapbuyong makipagdagitan;
Makipaglaban ka, subalit tandaan
Na ang nagwawawi'y ang pusong marangal.

At kung ang guryon mo'y sakaling madaig,
Matangay ng iba o kaya'y mapatid;
Kung saka-sakaling din na mapabalik
Maawaing kamay nawa ang magkamit.

Ang buhay ng guryon, marupok, malikot,
Dagiti't dumagit saan man sumuot…

O, paliparin mo't ihalik sa Diyos,
Bago pa tuluyang sa lupa'y sumubsob!

- Matapos mong mabasa ang nilalaman ng tula, gawin mo ang sumsusunod na mga gawain. Higit itong makatutulong sa iyo sa pagpapaunlad ang iba't ibang mga kasanayan. Unawain mo sanang mabuti ang panuto at maging maingat sa pagsasagawa ng mga gawain.

### 3. Linangin mo…


- Sa bahaging ito ng iyong pag-aaral, magkakaroon ka nang lubusang pag-unawa sa tulang iyong binasa.

**a. Pagsusuring Panglinggwistika**

Ibigay mo ang panibagong kaisipan na maaaring mahango mo sa sumsusunod na matatalinghagang salita o pahayag. Piliin mo ang titik ng tamang sagot.

1\.


Tanggapin mo anak, itong guryon
Na may pangalan mo sa gitna naroon.



a. Huwag mong dungisan ang pangalan ng iyong pamilya.
b. Ingatan mo ang iyong dangal at pagkatao.
c. Maging maingat ka sa pagpili ng kaibigan at kasama sa buhay.
d. Huwag suungin ang panganib sa buhay.


2\.

Datapwa't ang pisi'y tibayan mo anak
At baka lagutin ng hanging malakas.



a. Magkaroon ka ng tibay ng loob at paninindigan.
b. Ang katatagan ay kailangan sa pakikibaka sa buhay.
c. Harapin ang problema at huwag talikuran.
d. Maging maingat sa pagbibigay ng desisyon.

3.




a. Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa.
b. Huwag kalimutang tumawag sa Diyos lalo't nasa panganib.
c. Sa kamay ng Diyos mababatid ang ating tagumpay at kinabukasan.
d. Ang lahat ng nangyayari sa lupa'y kaloob ng Diyos.

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

- May mga nakatalang kaisipan sa ibaba subalit alamin mo muna ang nasa loob ng kahon.

> Alam mo bang ang **kaisipan** ay mga konsepto o mga ideyang lumutang sa isang akda o kaya'y sa mga karaniwang pahayag lamang.

Sa mga nakatalang kaisipan, piliin mo ang pangunahing kaisipan. Pagkatapos, isulat mo ang mga pantulong na kaisipan. Isulat mo lamang ang tamang bilang sa loob ng dayagram. Narito ang mga kaisipan.

1. Ang buhay ay tulad ng guryon, marupok at malikot.

2. Sa paglakad ng panahon, may mga nakambang panganib sa buhay.


3. Maging matatag tayo sa anumang mga pagsubok na darating sa ating buhay.

4. Timbangin ang anumang pagkilos o aksyong ating gagawin.

5. Isaisip at isapuso na ang lahat ng mangyayari ay kaloob ng Diyos.

6. Ingatan ang pinakatatanging puri at dangal.

7. Paghahanda sa balakid sa buhay.




**c. Pagsusuring Pampanitikan**

Mahalaga munang malaman mo ang nakapaloob sa kahong ito bago mo isagawa ang gawaing kaugnay nito. Basahin at unawain mong mabuti

| |
|---|
| Mayaman sa **imahe** ang tulang iyong binasa. Kung pag-aaralan mong mabuti, ang imahe ay mga tanging salita/lipon ng salita na kumakatawan sa mga bagay na nabubuo sa isipan ng mambabasa. Sa pagbasa mo ng isang akda sa pananaw imahismo, mahalagang makita sa loob ng akda ang pagkakataong makabuo ng matulaing imahe batay sa mga naging bisa ng pandamdamin at pangkaisipan sa mambabasa. Ang **imahe** rin kung iyong pakakasuriin ay nakabatay sa pinakasentral na damdaming nararamdaman matapos mabasa ang akda at sa tanging kaalamang natutuhan pagkatapos magbasa. |

Ibigay mo ang mga imaheng mabubuo sa isip mo sa tulong ng sumsusunod na mga salita o parirala. Tao ang inilalarawan dito Anong uri kaya ito ng tao? Piliin ang titik ng pinakatamang sagot sa loob ng kahon na naglalarawan sa tao

1. pisi'y tibayan
2. mabubuyong makipagdagitan
3. matanga'y ng iba at mapatid
4. dumagit
5. hayaang lumipad
6. pangalan sa gitna
7. yari sa patpat at papel de hapon

a. marangal na tao
b. taong malayang gumawa
c. taong mapagsamantala
d. taong nakikipaglaban
e. isang taong marupok
f. taong talunan sa laban
g. taong sinupil ang kapangyarihan
h. isang taong matatag

- Maliban sa inilarawang uri ng tao, bumuo ka rin ng iba pang imahe na may kaugnayan sa mga salita sa itaas. Piliin mo rin ang sagot sa loob ng kahon sa ibaba. Titik lamang ang isulat.

- Pumili ka rin ng mga salita/pariralang ginamit sa akda na nagpapainog ng imahinasyon. Banggitin mo ang bilang ng saknong at taludtod.

**d. Halagang Pangkatauhan**

Piliin mo sa sumusunod ang maaari mong gamiting pananggalang sa pagharap sa mga pagsubok sa buhay. Titik lamang ang isulat mo sa iyong sagutang papel.

a. Lakas ng loob at tibay ng dibdibid

b. pagdarasal

c. Kababaang-loob

d. pakikinig sa payo

e. katapangan

f. pakikipaglaban

g. Matamang Pag-iiisp

Ngayong napili mo na ang iyong mga kailangan sa pagharap sa mga pagsubok sa buhay. Palalimin pa natin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsasagawa ng sumusunod na mga gawain. Ngunit bago mo isagawa ito, iwasto mo muna ang iyong mga kasagutan gamit ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

**4. Palalimin mo.. .**

Isulat ang hugis na parisukat □ kung ang sumusunod na pahayag ay katanggap-tanggap at bilog ○ kung di-katanggap-tanggap.

1. Gawing dahilan ang paglayas kung napapagalitan ng magulang.
2. Sumunod sa payo ng magulang lalo na sa oras ng kagipitan.
3. Pag-ukulan ng panahon ang pag-aaral at pagbasa ng mga kapaki-pakinabang na babasahin.
4. Pumili ng kaibigan na maituturing na mabuting impluwensya.
5. Makilahok sa mga gawaing pampaaralan.
6. Lumiban sa klase kung ayaw ang guro at asignatura.
7. Protektahan ang dangal at puri ng pangalang dinadala.
8. Humingi lamang ng sapat na pangangailangang gagamitin sa eskuwela.
9. Isaisip sa tuwina na ang paggawa ng kamalian ay may nakalaang kaparusahan.
10. Sikaping maging isang mabuting anak ng iyong mga magulang, mabuting mamamayan ng bansa at tunay na Alagad ng Diyos saan man makarating

- Matapos mong mapalalim ang iyong kaalaman kaugnay ng binasa mong akda, ilapat mo naman ang iyong mga natutunan. Ngunit bago mo isagawa, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto at iwasto mo ang iyong gawain.

**5. Gamitin mo…**

Sa tulong ng mga sitwasyon sa ibaba, tingnan ko kung mailalapat mo sa iyong sarili ang mga konseptong iyong natutunan sa araling ito. Ibigay mo ang maaaring ibunga ng sumusunod na sitwasyon. Piliin mo ang bilang na sa tingin mo'y tamang .

Sitwasyon A

Sa di inaasahang pagkakataon, isang mabigat na suliranin ang dumating sa iyong buhay subalit ito'y pilit mong inihanap ng solusyon.

1. ______ Magaang na kalooban
2. ______ Matagumpay na pamumuhay
3. ______ Malusog na pangangatawan
4. ______ Natupad na pangarap
5. ______ Mapayapang puso't isipan

Sitwasyon B

Isa kang mabuting Kristiyano. Palagi kang nagdarasal at di nakalilimot magpasalamat sa mga biyayang tinatanggap mo sa Panginoon. Subalit isang araw, pinagbintangan ka ng isang kasalanang di mo ginagawa. Hinarap mo ito hanggang sa kayo'y makarating sa hukuman.

1. ______ Makakamtan ang katarungan.
2. ______ Malilinis ang iniingatang pangalan.
3. ______ Maipagtatanggol ang karapatan.
4. ______ Masusubok ang katapangan.
5. ______ Maitatago ang puri't dangal.

Sitwasyon C

Nang minsang pinagsabihan ka ng iyong mga magulang sa maaaring idulot ng iyong pagkikipagbarkada sa iyong pag-aaral, hindi mo sila pinakinggan at ikaw ay naglayas. Ano ang maaari mong kahinatnan?

1. Mapaririwara ang iyong buhay.
2. Malululong ka sa masamang bisyo.
3. Mahihinto ka sa iyong pag-aaral.
4. lahat ng nasa itaas

Sitwasyon D

| |
|---|
| Alam mong hindi tama ang ginagawa ng iyong kamag-aral ___ hindi siya pumapasok sa inyong klase at sa halip ay nagbibilyar lamang. Kapitbahay ninyo ang kanyang mga magulang. Ayaw mo siyang isumbong dahil bukod sa kamag-aral __ siya'y isang matalik mong kaibigan. Ano ang maaari nitong ibunga? |

1. Mapapagalitan ka ng kanyang magulang.
2. Mapagsasabihan ka niyang pakialamero.
3. Matuturuan mo siyang magluko sa pag-aaral.
4. Mahihinto siya sa pag-aaral.

- Muli, iwasto mo ang iyong gawain gamit ang susi ng pagwawasto na nasa iyong guro. Isa namang nakalilibang na gawain ang iyong isasagawa, ito'y ang pagsulat ng tula. Madali lamang kung uunawain mong mabuti ang panuto.

**6. Sulatin mo…**

Punan mo ng nawawalang salita ang sumusunod na saknong ng tula upang maging ganap ang diwa. Hanapin mo ito sa loob ng kahon. Titik lamang ang iyong isulat.

Ang buhay ng tao
Tulad din ng __1____
Matibay ______2___
Anumang _____3___

Ganyan magkatulad
Ang __4___ at guryon
Paglipad _____5____
Sa tulang ng ___6___

Huwag mong_ _7__
___8__ ng Panginoon
___9___ sa pagsulong
San man ___10______

| | | | |
|---|---|---|---|
| a. paaralan | d. mataas | g. pumaroon | j. panahon |
| b. guryon | e. Poon | h. matatag | k. gabay |
| c. buhay | f. Aval | i. limutin | |

- Nalibang ka ba sa iyong ginawang pagsulat? Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

Ngayon naman ibigay mo ang kabuuan ng iyong natutunan.

**7. Lagumin mo…**

Dugtungan mo ang sumusunod na mga pahayag upang maging buo at ganap ang diwa nito.

Matapos kong mabasa ang tula…

1. nadama ko ang __________
2. natutunan ko ang ________
3. napag-aralan ko na _______


- Kung ang iyong tugon ay katulad ng nasa susi sa pagwawasto ang iyong sagot ay magiging katanggap-tanggap.

- Tingnan ko ngayon kung talagang naunawaan mong mabuti ang araling ito. Gaano ang naging lawak ng iyong pang-unawa ? Ang tanong na ito'y masasagot lamang kung masasagutan mo ang mga tanong na inihanda ko. Handa ka na ba?

**8. Subukin mo…**

- Basahin at unawain mong mabuti ang sumusunod na mga tanong. Piliin mo ang titik ng pinakatamang sagot.


1. Sa mga taludtod na :



Ang panibagong kaisipang maaaring hanguin ay:


a. Sa harap ng mga pagsubok, tayo'y dapat magpakatatag.
b. Ang problema,y kaakibat ng ating buhay.
c. Ang katatagan ng loob ay kailangan sa pakikibaka sa buhay.
d. Ang buhay ay marupok.

2. Ang kaisipang nais bigyang diin sa sumusunod na taludtod:





a. Kung may katawan, ipaglaban.
b. Nasa katawan ang bagay o prinsipyong ipinaglalaban.
c. Huwag kalilimutang pairalin ang kababaang loob sa anumang labanan.
d. Ang buhay ay isang pakikipagtunggali subalit sa maayos at mabuting paraan.

3.




Ang kaisipang nangingibabaw sa mga taludtod ay:


a. Pag-isipang mabuti ang anumang bagay na dapat gawin.
b. Maging maingat sa pagdedesisyon sa buhay.
c. Ang matamang pag-iisip sa anumang balakin ay nagdudulot nang ibayong tagumpay at kaligayahan sa buhay.
d. Lahat ng nasa itaas



4. Ang buhay ay guryon; marupok, malikot
Dagiti't dumagit, saanman sumuot…


a. Ang buhay ay parang gulong, kung minsan sa ibabaw, minsan sa ilalim.
b. Ang buhay ay lubhang masalimuot.
c. Walang makapagsasabi sa magiging takbo ng ating buhay.
d. Tao ang gumagawa ng kanyang kapalaran.

5.




a. Bawat isa sa atin ay may tungkuling dapat gampanan.
b. Punung-puno ng kulay ang buhay.
c. Sa bawat gampaning isinasakatuparan natin, may buhay na nagpapaglaw.
d. Lahat ng tao'y mga artistang gumaganap di sa ibabaw ng tanghalan kungdi sa lipunang kanyang ginagalawan.

6.




a. Walang nakapagsasabi kung ano ang susunod na pangyayari sa ating buhay.
b. Nababalot ng kahiwagaan ang buhay ng tao.

c. Tanggapin ang anumang bagay na kaloob ng Diyos.
d. Ang guhit ng palad ay nagdidikta sa ating kinabukasan.

Ibigay ang imaheng mabubuo mo sa iyong isipan sa tulong ng mga sumusunod na salita o parirala.

7.




a. naglalabang lawin sa himpapawid
b. isang Hercules sa lakas
c. Si Bernardo Carpio sa nag-uumpugang bato
d. Si Troy na nakasakay sa kabayong kahoy

8.




a. mga nakabuwal na puno
b. isang malakas na bagyo
c. umaalagwang saranggola
d. napatid na mga kawad ng kuryente

9. Sa anumang suliraning dumarating sa ating buhay, ang tao ay kailangang maging _______.


a. mabait
b. madasalin
c. matatag
d. mapagkumbaba

10. Sa oras ng kagipitan, isang mabisang sandata ang _____.
a. pangungutang
b. pagdarasal
c. panonood ng sine
d. pagtakas sa katotohanan

• Muli mong hingin sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Maging matapat ka sa iyong pagwawasto. Kung ang iskor na nakuha mo ay 6 pataas tumungo ka na sa susunod na aralin. Kung 5 pababa, isagawa mo pa ang inilaan kong gawain para sa lubusan mong pagkatuto.

**9. Paunlarin mo…**

1. Paghambingin mo ang buhay at guryon. Gamitin mo ang **venn diagram** sa ibaba.




2. Magtala ka ng tatlong bagay na mahalaga sa iyong buhay bilang kabataan.

• Kung ang maging tugon sa mga gawain ay malapit sa nasa susi ng pagwawasto, bigyan mo ito karapatang puntos.

# VI. Aralin 2 - Sa Tabi ng Dagat

## A. Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang iyong matatamo ang sumusunod na mga kasanayan

1. Natutukoy ang istruktura ng sukat at tugma ng tula

2.a. Napipili ang mga tiyak na bahagi ng akda na nagpapakita ng kalakasang aystetik nito
   b. Naiisa-isa ang mga larawang diwang binanggit sa tula

3.a. Naiisa-isa ang mga damdaming nakapaloob sa akda
   b. Naipaliwanag ang bisa ng pagkakagamit ng kalikasan at kapaligiran sa pagiging masining ng akda

4. Natutukoy ang iba't ibang paraan sa pagpapahalaga sa kalikasan at kapaligiran

5. Nagagamit ang kaalaman tungkol sa iba't ibang elemento sa paglikha ng tula

## ✍ Mga Gawain sa Pagkatuto

**4. Alamin mo…**

Nakapamasyal ka na ba sa tabi ng dagat? Anu-ano ang iyong mga nakita? Naging romantiko ba ang paligid? Lagyan mo ng bituin ( ☆ ) ang lahat ng mga nakita mong naganap sa iyong pamamasyal sa tabi ng dagat. Tandaan, iyon lamang nakita mo.

__________ a. paglubog ng araw
__________ b. paghampas ng alon sa pampang
__________ c. pamiminguit at pangingisda
__________ d. paglangoy ng mga maliliit na isda na maaaninag sa malinaw na tubig
__________ e. pangunguha ng iba't ibang "shells"
__________ f. pamamangka
__________ g. pagkukuwentuhan habang magkakahawak kamay ang magsing-irog
__________ h. pag-upo sa mga tipak ng bato para magpahangin

- Nakikita mo ba ang mga ito sa iyong pamamasyal. Hingin mo ang susi sa pagwawasto sa iyong guro. Iwasto mo lamang kung ano talaga ang iyong nakita.

**2. Basahin mo…**

- Lalo kang magaganyak na mamasyal sa tabi ng dagat kung mababasa mo ang nilalaman ng tulang pag-aaralan mo. Basahin at unawain mong mabuti ang nilalaman nito. Simulan mo na.!

**Sa Tabi ng Dagat**
Ni: Ildefonso Santos

Marahang – marahang
Manaog ka, Irog at kata'y lalakad
Maglulunoy katang
Payapang – payapa sa tabi ng dagat;
Di na kailangang
Sapinan pa ang pang binalat – sibuyas,
Ang daliring garing

Sa sakong na wari'y kinuyom na rosas!

Manunulay kata
Habang maaga pa, sa isang pilapil
Na nalalatagan
Ng damong may luha ng mga bituin;
Patiyad na tayo
Ay maghahabulang simbilis na hangin,
Ngunit walang ingay,
Hanggang sumapit sa tiping buhangin.

Pagdating sa tubig,
Mapapaurong kang parang nann\gingimi,
Gaganyakin kata
Sa nangaroong mga lmang – kati;
Doon ay may tahong
Talaba't halaang kabigha-bighani,
Hindi kaya natin
Mapuno ang buslo bago tumanghali?

Pagdarapit – hapon
Kata'y magbabalik sa pinanggalingan,
Sugatan ang paa
At sunog ang balat sa sikat ng araw…
Talagang ganoon;
Sa dagat man, Irog, ng kaligayahan,
Lahat, pati puso,
Ay naaagnas ding marahang – marahan.

- Naunawaan mo ba ang iyong binasa.

- Naligayahan ka ba sa ginamit na pananalita ng may-akda? Nadama mo ba ang kahalagahan ng kalikasan sa buhay ng tao? Kaugnay ng mga tanong na ito, isagawa mo ang sumusunod na mga gawain. Sikapin mong lagi kang nasa ayos at tama.

**3. Linangin mo…**

- Simulan natin ang paglinang ng iyong kaalaman sa :

**a. Pagsusuring Panglinggwistika**

Suriin mo ang sumsusunod na saknong ng tula batay sa pagkakabuo ng taludtod.

Marahang-marahan
Manaog ka Irog at kata'y lalakad
Maglulunoy katang
Payapang-payapa sa tabi ng dagat
Di na kailangang
Sapinan pa ang pang binalat-sibuyas,
Ang daliring garing
Sa sakong na wari'y kinuyom na rosa

1. Ilang taludtod mayroon ang bawat saknong ng tula? Magkasalit sa saknong ang sukat ng tula.

Bilang balik-aral, alam mo na ang sukat ay isa sa mga elemento ng tula. Ito ay ang bilang ng pantig sa bawat taludtod

2. Ilan ang sukat ng mga taludtod bilang 1, 3, 5 at 7?

3. Ilan naman ang sukat ng mga taludtod bilang 2, 4, 6 at 8?

5. Saang bahagi ng saknong ng tula makikita ang tugma?

Alam ko na alam mo na kung ano ang **tugma.** Bilang paggunita, ang **tugma** ay ang pagkakatulad o pakakapareho ng tunog sa hulihan o ng mga huling pantig sa bawat taludtod.

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

Piliin mo ang larawang-diwa na maaaring mabuo sa iyong isipan sa sumusunod na mga taludtod. Tiitk lamang ang iyong isulat.

Alamin mo muna ang sumusunod bago mo isagawa ng gawain.

Dapat mong malaman kung ano ang larawang-diwa para masagot mo ang gawain kaugnay nito. Ang **larawang-diwa** ay isa sa mga sangkap ng tula na tumutulong o nagpapaganda sa tula. Ito ay mga kongkretong larawan na maaari mong mabuo sa iyong isipan o guniguni habang binabasa ang tula. Halimbawa. Patuloy ang pag-ungol ng dagat. Ang larawang-diwang maaari mong mabuo ay walang tigil sa paghampas ang malalaking alon sa pampang o malalaking alon.

1

| |
|---|
| Di na kailangang<br>Sapinan pa ang pang binalat-sibuyas,<br>Ang daliring garing<br>Sa sakong na wari'y kinuyom na rosas |

1. ang babae ay tin-edyer pa
2. makinis at maputing babae
3. babaeng may kutis porselana at busilak sa kaputian
4. babaeng may makinis na balat at kulay "ivory"

2

| |
|---|
| Manunulay kata,<br>Habang maaga pa, sa isang pilapil<br>Na nalalatagan<br>Ng damong may luha ng mga bituin |

a. Isang bukid sa maaliwalas na umaga
b. Isang bukid na puno ng hamog ang damuhan
c. Bukid na punung-puno ng pananim
d. Bukid na puno ng hamog ang damuhan sa maaliwalas na umaga

3


| |
|---|
| Patiyad  na tayo<br>Ay magahahbulang simbilis ng hangin<br>Ngunit walang ingay,<br>Hanggang sa sumapit sa tiping buhangin |

a. Magsing-irog na tumatakbo sa pinatigas na tubig.
b. Magsing-irog na marahang tumatakbo sa kumati o bumabang tubig.
c. Magsing-irog na nagahahabulan sa pinatigas na tubig.
d. Magsing-irog na mabilis na naghahabulan sa kumati o bumabang tubig.

4. May apat na saknong ang tulang iyong binasa, alin sa tingin mo sa apat na saknong ang kalakasang aystetik?  Bakit?

Ang tula ay karaniwang nagtataglay ng kariktan lalo na sa pagkakahabi ng mga salita ng may-akda. Ito ang nakapagbibigay ng kalakasang aystetiko sa tula. Ang paggamit ng tayutay, talinghaga at idyoma ay nakatutulong sa kalakasang ito.

5. Sa sumusunod na iskalang 1-10 paano mo mamarkahan ang kalakasang aystetik ng tula. Bakit?



1 2 3 4 5 6 7 8 9 10

c. **Pagsusuring Pampanitikan**

- Sa binasa mong tula, mailalapat ang teoryang romantisismo. May kaalaman ka na ba tungkol dito? Basahin at unawain mong mabuti ang nasa loob ng kahon.

Sa **teoryang romantisimo** ang sining ay dapat na malapit na malapit sa kalikasan. Dapat mong malaman na kapag ang kalikasan ay wala ng kakayahang magbigay ng kasiyahan, ang imahinasyon ang siyang lilikha ng kalikasang magbibigay ng kasiyahan. Ito ay ayon sa mga romantesista. Sila rin ay nananalig sa Diyos, sa katwiran, sa agham at nagpapahalaga sa kalikasan. Sa kanila, ang Diyos ay lumalagi sa lahat ng kalikasan, ang totoo nga raw ang Diyos at kalikasan ay iisa.

Higit din nilang pinahahalagahan ang damdamin kaysa sa ideyang siyentipiko.

- Ngayon, isagawa mo ang mga gawaing may kaugnayan dito.

1. Piliin mo ang kahon na naglalaman ng mga salitang ginamit ng may-akda sa tula na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kalikasan at kapaligiran. Titik lamang ang isulat.

| A | B |
|---|---|
| Pilapil na nalalatagan<br>ng damong may luha<br>ng mga bituin; | Doon ay may tahong,<br>Talaba't halaang<br>Kabigha-bighani |

| C | D |
|---|---|
| Maglulunoy katang<br>Payapang-payapa<br>sa tabi ng dagat; | Ngunit walang ingay,<br>Hanggang sa sumapit<br>sa tiping buhangin. |

2. Tukuyin mo kung anong damdamin ang naghahari sa bawat saknong ng tula. Titik lamang ang isulat.

Ang damdaming naghahari sa unang saknong ay:

a. kaligayahan at kapayapaan
b. kalungkutan at katahimikan
c. kawalang pag-asa
d. walang hanggang kaligayahan

.3. Sa ikalawang saknong, ang damdaming nangingibabaw ay:

a. kagalakan sa sarili
b. nag-uumapaw na kasiyahan
c. walang hanggang kaligayahan
d. kawalan ng kapaguran

4. Samantalang sa ikatlong saknong, lumulutang ang damdaming:

a. kapanatagan ng loob
b. pag-aalinlangan
c. pag-aalala
d. panatag na kalooban

5. At ang huling saknong, makadarama ka ng :


a. kalungkutan
b. kasiyahan

c. kahulugan ng sarili
d. kasawian

**d. Halagang Pangkatauhan**

Ilagay mo sa loob ng bawat puso ang mga salitang nagpapahalaga sa kagandahan ng kalikasan at kapaligiran na matatagpuan sa loob ng kahon sa ibaba. Titik lamang ang isulat mo.

**1.** **2.** **3.** **4.** **5.**



a. pagtatanim ng mga puno
b. paglilinis ng kapaligiran
c. pangangalaga sa kalikasan
d. pakikipagtulungan sa DENR
e. pakikiisa sa proyekto ng pamahalaan
f. pagpaparusa sa mga taong lumalapastangan sa kalikasan
g. pagtatapon ng basura sa tamang lugar

- Hingin mo ang susi sa pagwawasto at iwasto mo ang iyong gawain sa ilalim ng linangin mo… Ang katapatan sa pagwawasto ang pairalin mo

**4. Palalimin Mo. . .**

Ang susunod na gawain na pagkakaabalahan mo ay ang paglalagay ng Star ( ☆ ) sa mga bilang na maaaring gamitin bilang pansariling Batas ng Kalikasan na magagamit ng mga kabataang tulad mo sa pagpapahalaga sa kalikasan at kapaligiran.

______ 1. Magtanim ng mga puno sa mga bakanteng lote.
______ 2. Iwasan ang pagtatapon ng basura sa kung saan-saan.
______ 3. Isumbong sa kinauukulan ang mga taong lumalapastangan sa Kalikasan o naninira sa kapaligiran.
______ 4. Ibalik sa kinauukulan ang mga hayop na nahuhuli lalo na ang mga “endangered species”.
______ 5. Huwag mamimitas ng mga bulaklak lalo na sa parke o pampublikong paaralan.
______ 6. Itanim sa isipan na ang kalikasan ay biyayang kaloob ng Diyos.
______ 7. Bigyan ng lugar sa puso’t isipan ang kahalagahan ng kalikasan sa buhay ng tao.
______ 8. Huwag ipagwalang-bahala ang mga taong alam mong gumagamit ng

dinamita sa pangingisda.

_____ 9. Maglagay ng mga babala sa bawat pamayanan tungkol sa pagpapahalaga sa kalikasan.

_____ 10. Itanim sa isipan na ang Diyos at kalikasan ay iisa.

- Muli mong hingin sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo ang iyong gawain.

**5. Gamitin mo…**

- Tingnan ko kung paano mo mailalapat sa iyong sarili ang mga mahahalagang bagay na natutunan mo sa araling ito. May mga sitwasyon sa ibaba na maaaring nangyari o mangyayari sa iyo. Sa mga sitwasyong ito, alin ang gagamitin mo, puso o isipan. Lagyan mo ng hugis puso ( ♥ ) ang bilang kung puso ang gagamitin mo at tatsulok ( △) kung isipan.

_____ 1. Gustung-gusto mo ang iyong kamag-aral na maging kasintahan mo subalit ayaw naman ng mga magulang mo.

_____ 2. Tunay na may pag-ibig ka sa taong pinag-uukulan mo ng pagmamahal subalit natuklasan mong may lahi sila ng may sakit sa pag-iisip.

_____ 3. Nalagay ang iyong pamilya sa kagipitan. Maisasanla ang inyong bahay at lupa sa mga magulang ng taong nag-uukol sa iyo ng pagmamahal subalit ayaw mo rito.

_____ 4. Panay ang padala sa iyo ng mga regalo ng magulang ng taong minamahal mo pero labag ito sa kalooban ng mga magulang mo.

_____ 5. Nakita mong may kasabay na iba ang taong minamahal mo.

- Nasalamin mo ba ang iyong sarili sa mga sitwasyong ito? Tingnan natin! Kunin mo ang susi ng pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong gawain.

**6. Sulatin mo…**

Hindi ka man makata, makararanas kang bumuo ng ilang saknong ng tula. Subalit durugtungan mo lamang ng nawawalang salita ang patlang sa bawat taludtod. Piliin mo ang titik ng angkop na salita sa loob ng kahon sa ibaba.

Sa pag-ibig, walang mahirap o mayaman
Puso ang gamitin ng di ____1____,
Kung ____2____ nama'y pakatandaan
Nang di ____3____ sa iyong buhay.

Ganyan talga kung ____4____
Lahat ____5____ rosas ang iyong paligid,
Nararamdaman ang ____6____ ng dibdib
Pati ____7____ ng mata'y kaakit-akit.

| | | |
|---|---|---|
| a. umiibig | b. kislap | c. masawi |
| b. kulay | e. tibok | h. mabaliw |
| c. masaktan | f. isipan | |

Napili mo ba ang angkop na mga salita?

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

**7. Lagumin mo…**

Dugtungan mo ang sumsusunod na mga pahayag upang maging buo at ganap ang diwa nito.

Matapos kong mabasa ang tula…

Nabatid kong ___________

Napatunayan kong _________

Nadama kong _____________

• Kung ang iyong tugon ay katulad ng nasa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro, ito ay magiging katanggap-tanggap. Iwasto mo na ang iyong gawain.

**8. Subukin mo…**

• Marahil ay punung-puno ka ng mga kaalaman hinggil sa araling iyong pinag-aralan. Tingnan ko kung masasagot mo ang mga inihanda kong katanungan. Piliin mo ang titik ng pinakatamang sagot.

1 Ang tula ay binubuo ng _____ na saknong.

a. 4 b. 8
c. 6 d. 10

2. Magkasalit na ginamit sa tula ang mga sukat na 2 at 3.

a. 6 b. 8
c. 12 d. 14

3. Ang tula ay mauuri bilang tulang _____

a. liriko/ pandamdamin b. oda
c. soneto d. elehiya

4. Sa bawat sknong ng tula, mabubuo ang larawan ng _________.

a. magkasintahan
b. dalawang pusong nagmamahalan
c. magkaibigan
d. magkalaro

5. Ang mga pananalitang ginamit ng may-akda sa paglalarawan sa babae na nagpapatungkol sa kagandahan ng tula ay _____.

a. paang binalat-sibuyas
b. daliring garing
c. sakong na wari'y kinuyom na rosas
d. lahat ng nasa itaas

6. Ang damdaming nangingibabaw sa tula ay ______.

   a. walang hanggang kaligayahan
   b. nalulunod sa bisa ng pag-ibig
   c. wagas at tunay na pagmamahal
   d. kapangyarihan ng pag-ibig

7. Tukuyin mo ang kahulugan ng mga sumusunod na pahayag na nagpapakita ng pagiging masining na tula

   | |
   |---|
   | Na nalalatagan ng damong<br>May luha ng mga butuin. |

   a. umuulan nang malakas
   b. bukangliwayway
   c. mga hamog sa damuhan
   d. natatanglawan ng butuin ang damuhan

8.

   | |
   |---|
   | Doon ay may tahong,<br>talaba't halaang kabigha-<br>bighani. |

   a. iba't ibang lamang kati
   b. yamang-dagat
   c. matataba at nakatutuwang yamang-dagat
   d. lahat ng nasa itaas


9.-10 Pumili ng dalawang paraan kung paano mo mapapangalagaan ang kalikasan at kapaligiran.

   a. Pakikiisa sa mga programa ng DENR.
   b. Pagtatapon ng mga basura sa tamang lalagyan.
   c. Paglalagay ng mga babala sa maaaring kahihinatnan sa pagsira sa kalikasan.
   d. Pagpapalaganap ng tamang impormasyon sa tamang pagtatapon ng basura.
   e. Paglilinis ng mga sukal at sa kanal ng mga mamamayan.
   f. Pagtatanim ng mga puno sa mga bakanteng lote.
   g. Paglalagay ng mga basurahang may takip sa bawat barangay.

• Kung ang iskor na nakuha mo ay 6 pataas, maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul at kung 5 pababa naman ang iyong iskor, isagawa mo muna ang sumusunod na gawain.

**9. Paunlarin mo…**

• Nakakita ka na ba ng isang aquarium? Anu-ano ang laman nito? Sa ibaba ay may isang aquarium. Nais kong ilagay mo sa loob ng aquarium na ito ang lahat ng sa tingin mo ay nakatutulong sa pagpapahalaga sa kalikasan at kapaligiran. Piliin mo ito sa loob ng kahon sa ibaba.



| | | |
|---|---|---|
| mga isda | halamang dagat | bulaklak |
| malinis na tubig | mga puno | maliit na bato |
| lumot | kabibe | koral |

Dugtungan mo ng nawawalang salita ang sumusunod na mga talinghaga sa palasintahin. Piliin mo ang angkop na salita sa loob ng kahon sa ibaba. Titik lamang ang iyong isulat.

Tulak ng bibig
Kabig ng __1__.

Ang sinasabi ng iyong __2__
Malayo sa nasa iyong dibdib.

Hihinto ang pagsulat ng aking __3__
Ngunit hindi ang aking __4__.

Bakit kailangan pang dumukwang.

Sumunod nap o ang mga __5__
Huwag lamang ang mga __6__.

O, muli mong iwasto ang iyong mga sagot gamit ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Pinaaalala ko ang pagiging matapat sa pagwawasto.

## VIII. Gaano Ka Na Kahusay?

Pagod ka na ba? Alam kong hindi pa! Sa dami ba naman ng mga konseptong iyong natutunan, tiyak kong masasagutan mo ang pangwakas na pagsusulit na ito. Ito ang nagpapatunaykung gaano ka na kahusay. Simulan mo na!

Piliin mo lamang ang titik ng pinakatamang sagot.

Basahin mo ang sumusunod na saknong. Pagkatapos kung anong panibagong kaisipan ang maaari mong mahango rito.

1.

> Tangapin mo anak, itong munting guryon,
> Na yari sa patpat at papel de Hapon
> Magandang laruang pula, puti, asul
> Na may pangalan mong sa gitna naroroon.

a. Pangalagaan mo ang iyong pangalan.
b. Pag-iingat sa dignidad at reputasyon.
c. Huwag mong dudungisan ang iyong pangalan.
d. Pagsasalin ng ama ng responsibilidad sa anak.

2. Sa kabuuan ng tulang **Ang Guryon,** mahahango ang kaisipang _____.
a. Ang buhay ay tulad ng sa guryon, maayos at malikot
b. Sa gitna ng mga pagsubok, ang tao'y dapat magpakatatag.
c. Ang tibay ng loob ay kailangan sa harap ng mga suliranin.
d. lahat ng nasa itaas

3. Ang tulang **Sa Tabi ng Dagat** ay may magkasalitang sukat na _____.

a. 4 - 8
b. 7 - 14
c. 6 - 12
d. 8 - 16

4. Ang tugma naman ng tulang ito ay matatagpuan sa ika- _____ ng bawat taludtod.

a. 2
b. 4
c. 6
d. 8

5. Mabubuo natin ang imahe ng isang _____ sa tulang **Ang Guryon.**

a. malakas na tao
b. maunlad na bayan
c. matatag na buhay
d. taong may paninindigan

6. Samantalang sa tulang **Sa Tabi ng Dagat,** ang larawang-diwa maaaring mabuo **ay ______.**

   a. dalawang pusong nagmamahalan
   b. magkasintahang punung-puno ng pag-ibig
   c. magkaibang ayaw magkahiwalay
   d. taong may pagpapahalaga sa kalikasan

7. Sa tulang **Ang Guryon,** sinikap ng ama na maimulat ang anak sa ____.

   a. karahasn ng buhay
   b. kagandahan ng buhay
   c. kabalintunaan ng buhay
   d. katatagan sa buhay

8. Ginamit ng may-akda sa tulang **Sa Tabi ng Dagat** ang _____ upang maipakita ang bisa ng pagiging masining ng tula.

   a. karagatan
   b. kasanayan
   c. kalikasan
   d. kabundukan

9. Alin sa mga sumusunod ang nagpakita ng katatagan sa sarili?

   a. pagharap sa pagsubok
   b. paghanap ng solusyon sa problema
   c. pagpaplano sa tamang hakbang at paraan
   d. lahat ng nasa itaas

10. Alin naman sa mga sumusunod ang nagpakita ng pagpapahalaga sa kalikasan at kapaligiran?

    a. Pakikipagtulungan para sa kaayusan at kalinisan ng pamayanan.
    b. Pagbabalik sa mga naliligaw na mga hayop lalo na ang mga "endanger species".
    c. Paglalagay ng tamang basurahan sa bawat baranggay.
    d. Lahat ng nasa itaas

Ikalawang Markahan Modyul 1
Susi sa Pagwawasto

Ano Ba Ang alam Mo?

| | |
|---|---|
| 1. a | 6. d |
| 2. b | 7. b |
| 3. d | 8. d |
| 4. a | 9. c |
| 5. b | 10. d |

Aralin 1

Alamin mo…

Krus - d
Kawayan - l
Bato - a
Kandila - b
Guryon - c

1. d
2. c
3. a
4. b

Linangin mo…

Pagsusuring Panlinggwistika

1. a
2. a
3. b

Pagsusuring Pangnilalaman

Pangunahing kaisipan - 1
Pantulong na mga kaisipan --- 2, 3, 4, 5, 6, 7

Pagsusuring Pampanitikan

| | |
|---|---|
| 1. h - g | 5. b - b |
| 2. d - d | 6. a - h |
| 3. f - f | 7. l - c |
| 4. c - a | |

Halagang Pangkatauhan

a, b, d, l, f, g

Palalimin mo

| | |
|---|---|
| 1. ○ | 6. ○ |
| 2. □ | 7. □ |
| 3. □ | 8. □ |
| 4. □ | 9. □ |
| 5. □ | 10. □ |

Gamitin mo…

A - 1, 5

B. - 1, 2, 3, 4, 5

C - 4

D - 4

Sulatin mo…

| | |
|---|---|
| 1. b | 6. l |
| 2. h | 7. I |
| 3. j | 8. f |
| 4. c | 9. k |
| 5. d | 10. g |

Pagsusuring Pangnilalaman

1. c
2. d
3. d
4. Lahat – punung-puno ng mga imahe at larawang diwa
5. Sa pagitan ng 9-10.
   - Maayos ang sukat at tugma
   - May taglay na kariktan at talinghaga

Subukin mo…

| | |
|---|---|
| 1. a | 6. a |
| 2. d | 7. a |
| 3. d | 8. c |
| 4. a | 9. c |
| 5. d | 10. b |

Paunlarin mo…

1. marupok
   malapit sa tukso
   madaling masuong sa gulo

2. rosaryo, Bibliya, kandila
   Aklat, cellfone, larawan ng pamilya

Pagsusuring Pampanitikan

1. a, b, c, d
2. d
3. a
4. b
5. a

VI. Aralin 2

Alamin mo…

| | |
|---|---|
| a. ☆ | e. ☆ |
| b. ☆ | f. ___ |
| c. ___ | g. ☆ |
| d. ___ | h. ☆ |

Halagang Pangkatauhan


| | |
|---|---|
| 1. ☆ | 6. ☆ |
| 2. ☆ | 7. ☆ |
| 3. ☆ | 8. ☆ |
| 4. ☆ | 9. ☆ |
| 5. ☆ | 10. ☆ |


Linangin mo…

Pagsusuring Panlinggwistika

1. 8
2. 6
3. 12
4. ika-2 taludtod

Gamitin mo…

A - 

B. - 

C - 

D - 

Sulatin mo…

1. c
2. f
3. g
4. a
5. b
6. e
7. d

Lagumin mo…

- Nabatid kong kailangang maging matatag sa pagharap sa mga pagsubok sa buhay.
- Napatunayan kong ang pagsunod sa mga payo ng magulang ay magbubunga ng tamang direksyon sa buhay.
- Nadama kong ang kahalagahan ng magulang sa ating buhay at ang bisa ng kapangyarihan ng nasa itaas sa pagpapatakbo n gating buhay.

Subukin mo…

1. a
2. a
3. c
4. b
5. d
6. a
7. c
8. d
9. a
10. c

Gaano Ka Na Kahusay?

1. c
2. d
3. b
4. a
5. d
6. a
7. d
8. c
9. d
10. d

Paunlarin mo…

- a, b, d, f , h, i

1. d
2. c
3. e
4. f

5. a
6. b
7. h

Talahanayan ng Ispesipikasyon

| Modyul | Kasanayan | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Bilang 1 | Pasalita | Pagbasa | Pampanitikan | Pagsulat | Pamagat | Genre |
| | Natutukoy ang bisang pandamdamin at pangkaisipan ng tula | Nagagamit ang matatalinghagang salita/pahayag sa paglalahad ng panibagong kaisipan<br><br>Nahahango at naipaliliwanag ang pangunahin at mga pantulong na kaisipang nakapaloob sa akdang binasa | Nasusuri ang tula batay sa teoryang imahismo | Nakasusulat ng kapaksa ring tula | Ang Guryon | Tula |
| | Naiisa-isa ang mga larawang diwang binanggit sa tula<br><br>Naiisa-isa ang damdaming nakapaloob sa akda<br><br>Natutukoy ang iba't ibang paraan sa pagpapahalaga sa kalikasan at kapaligiran | Natutukoy ang istruktura ng sukat at tugma ng tula<br><br>Napipili ang mga tiyak na bahagi ng akda na nagpapakita ng kalakasang aystetik nito | Naipaliliwanag ang bisa ng pagkakagamit ng kalikasan at kapaligiran sa pagiging masining ng akda | Nagagamit ang kaalaman tungkol sa iba't ibang elemento sa paglikha ng tula | Sa Tabi ng Dagat | Tula |